# PAGBIBIGAY NG ANGKOP
# NA WAKAS SA ISANG TALATA O KUWENTO

*Kamusta ka?*

*Matututunan mo sa modyul na ito kung paano ka makapagbibigay ng angkop na wakas sa isang talata o kuwento*



## Pagbalik-aralan Mo

**Nais mo bang maglaro? Narito ang isang laro.**
**Basahin ito at unawain.**

**PALOSEBO**

Kumuha ng dalawang kawayang magkasinghaba at magkasinglaki. Ibaon sa lupa ng patayo. Tiyaking ang mga ito ay magkapareho ang taas. Lagyan ng langis ang dalawang kawayan upang maging madulas. Dala-dalawa ang kalahok sa larong ito. Mag-uunahan sa pag-akyat ang dalawang kalahok na ito. Sinumang maunang makaakyat sa itaas o kaya'y sa tuktok, ang siyang panalo.

Ayusin ang mga pangungusap tungkol sa laro. Lagyan ito ng bilang ayon sa pagkakasunod-sunod.

__________ a. Sinumang maunang umakyat sa itaas ng kawayan ang panalo.

__________ b. Lagyang ng langis ang dalawang kawayan upang maging madulas.

__________ c. Kumuha ng dalawang kawayang magkasinlaki at magkasinghaba

__________ d. Ibaon sa lupa ang dalawang kawayang patayo.

__________ e. Mag-uunahan sa pag-akyat ang dalawang kalahok.

Narito naman ang mga paraan ng paggawa ng isang bagay.

Isulat sa sagutang papel ang titik ng wastong pagkakasunud-sunod ng gawain.

1. Naglaba si Rosa. Narito ang ginawa niya. Pagsunud-sunurin mo
    a. Ikinula niya ang mga ito.
    b. Muli niyang sinabon ang mga puting damit.
    c. Binanlawan niya ang mga damit.
    d. Sinabon niya ang mga damit.

2. Nagluto ng atsarang papaya si Linda. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari.
    a. Binalatan at ginadgad niya ang mga papaya.
    b. Inihanda niya ang ibang sangkap gaya ng sibuyas, sili, karots, pasas at suka.
    c. Inilagay niya sa bote ang pinaghalong sangkap.
    d. Piniga niya ang papaya.

3. Nagsaing si Clara. Pagsunud-sunurin ang ginawa niya.
    a. Hinugasan niya ang bigas.
    b. Hinintay niyang kumulo at mainin ang sinaing.
    c. Nilagyan niya ng sapat na bigas at tubig ang kaldero.
    d. Inilagay niya sa kalan at niluto.

## Pag-aralan Mo

### Narito ang isang Kuwento. Basahin at unawain.

Nagkagulo ang mga tao sa palengke. May naghahabulan. May Sumisigaw. May isang babaeng iyak nang iyak.

“Prrt,Prrt,” ang silbatong naririnig sa loob ng palengke. Maya-maya’y lumabas ang isang pulis na may bitbit na bag. Kasunod niya ang isang batang lalaki. Hawak-hawak ang batang umiiyak ng isang barangay tanod.

Bakit nagkagulo sa palengke? Ganito ba ang sagot mo?
Naagaw ang bag ng isang babae.
Subukin mong pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento.
Alin ang unang pangyayari? Inaagawa ng batang lalaki ang bag ng babae.
Alin ang kasunod? Dumating ang pulis.

Alin ang huling pangyayari?  Nahuli ang batang magnanakaw.
Sa iyong palagay, alin ang katapusan ng kuwento?

a. Naibalik ang bagsa babae at dinala sa presinto ang magnanakaw
b. Dinala ng pulis sa presinto ang bata at ang babaing inagawan ng bag.
c. Ginulpi ng pulis ang bata at humingi siya ng pabuya.
d. Nagpaputok sa itaas ang pulis at hinabol ang magnanakaw.

**1. Isang Puntos na Balangkas**

Pamagat

I. Pangunahing paksa
II. Pangunahing paksa
III. Pangunahing paksa
IV. Pangunahing paksa

**2. Dalawang Puntos na Balangkas**

Pamagat

I. Pangunahing paksa
   A. Paksa sa pangalawang antas
   B. Paksa sa pangalawang antas
II. Pangunahing paksa
   A. Paksa sa pangalawang antas
   B. Paksa sa pangalawang antas
III. Pangunahing paksa
   A. Paksa sa pangalawang antas
   B. Paksa sa pangalawang antas
IV. Pangunahing paksa
   A. Paksa sa pangalawang
   B. Paksa sa pangalawang

Halimbawa:

**1. Isang Puntos na Balangkas**

Ang “Benguet Lily”

I. Dumating ang puting lalaki
II. Ang dalagang si Lan-i
III. Ang pagtakas ni Lan-i
IV. Ang pagkamatay ni Lan-i

**2. Dalawang Puntos na Balangkas**

Ang “Benguet Lily”

I. Dumating ang puting lalaki
   A. Nakita si Lan-i

B. Inibig, minahal at inalok ng kasal si Lan-i

II. Ang dalagang si Lan-i
   A. Labimpitong taong gulang
   B. May katutubong kagandahan at napakasimpleng babae.
   C. Masipag at mapag-aruga sa mga kapatid

III. Ang panunuyo ng puting lalaki
   A. Pumupunta sa bahay
   B. Nililigawan si Lan-i at pinasasang-ayong magpakasal

IV. Ang pagtakas ni Lan-i
   A. Tumalon sa bintana
   B. Tumakas papunta sa kabundukan

V. Ang pagkamatay ni Lan-i
   A. Hinabol siya ng mga kasamang lalaki
   B. Nagsaksak sa sarili
   C. Lumitaw ang isang puting bulaklak sa lugar na kinamatayan niya.



## Pagsanayan Mo

**Bumuo ng dalawang uri ng balangkas tungkol sa alinman sa sumusunod na paksa. Pagkatapos, bumuo ng isang maikling sanaysay o kuwento batay sa balangkas na binuo. Gawin ito sa iyong notbuk.**


1. Epekto ng patuloy na pagtaas ng halaga ng gasolina at mga produktong petrolyo.
2. Magiging epekto ng pagbabago sa Saligang-Batas.
3. Paano makakapagtipid sa kuryente at tubig.



## Subukin Mo

**Narito ang isang artikulo mula sa isang pahayagan. Basahin mo ito at igawa ng dalawang uri ng balangkas. Muli, gawin ito sa iyong notbuk.**

RONNIE M. HALOS • *Editor* Disyembre 1, 2004



## Editoryal

# *Modernization ng PAGASA nararapat na?*

NARARAPAT na ang modernization sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) para makapagbigay ng tamang lagay ng panahon sa mamamayan. Kung mananatiling bulok at maraming kulang ang kagamitan ng PAGASA, nasa panganib ang Pilipino sapagkat hindi malalaman kung may hahagupit na bagyo o wala sa kanilang lugar. Ang kasalatan ng kagamitan sa PAGASA ang dahilan kung bakit hindi nila matract ang mga paparating na bagyo at kung saang direksyon ito tutungo.

Ang ganitong problema ng PAGASA ay napatunayan nang ang bagyong Unding ay hindi nila na-tract at nanalasa ito sa Oriental Mindoro. Bago ang pananalasa ni Unding sa Oriental Mindoro, pininsala muna nito ang Bicol Region kung saan may mga namatay at maraming nawalan ng tahanan.

Inamin ng PAGASA na hindi nila natugaygayan ang galaw ni Unding natuloy ito sa mga probinsiya sa Southern Tagalog kabilang nga ang Oriental Mindoro. Wala raw silang radar sa Bicol Region, ayon kay PAGASA officer-in-charge Dr. Prisco Nilo kaya hindi kaagad naitaas ang Signal Number 3 sa Oriental Mindoro at iba pang probinsiya. Naitaas lamang daw nila ang typhoon signal nang may 12 oras na lamang bago manalasa si Unding. Ang dapat daw ay hanggang 18 hanggang 24 na oras dapat bigyan ng babala ang mga residente na may tatamang bagyo at dapat maghanda at huwag nang pumalaot ang mga mangingisda.

Isang buhawi ang tumama sa Roxas, Oriental Mindoro bunga ng bagyong si Unding. Marami ang nasirang bahay, school, simbahan, pananim at may mga namatay. Karamihan sa mga nawala ay mga mangingisdang inabutan ng bangis ni Unding sa laot.

Paanong makapag-bibigay kaagad ng warning ang PAGASA tungkol sa bagyo gayong tatlo lamang pala ang radar na kanilang ginagamit? Hindi kaya ng tatlong radar na ma-monitor ang galaw ng bagyo at nang mabigyang babala ang taumbayan. Sabi ni Dr. Nilo, kailangan daw ay may pito hanggang walong radar ang PAGASA para ma-tract ang bagyo. Gagastos sa walong radar ng P40 million para makober ang buong bansa sa mga papalapit na bagyo.

Modernisasyon ng PAGASA ang dapat upang makapagbigay ng babala. Noon pang 1997 inaasahan na magkaroon ng pagbabago sa PAGASA subalit hanggang ngayon ay hindi pa nagkakaroon ng katuparan. Dapat kumilos ang mga mambabatas na mabigyan ng sapat na alokasyon ang PAGASA para ma-modernize at nang hindi magkamali o kaya'y hindi mapaglalangan ng parating na bagyo.

Binabati kita, kaibigan sa mahusay mong paggawa sa modyul na ito!
Hanggang sa muli!

**Susi sa Pagwawasto**

**Pagbalik-aralan**

1. Ang kapistahan ng Mahal na Birhen ng Kapayapaan at Mabuting Paglalakbay.
2. Ang kauna-unahang tao sa ating bansa.
3. Ang buhay ni Apolinario Mabini.
4. Ang yamang-lupa ng Pilipinas.
5. Ang kagubatan ng Palawan.

**Pagasanayan mo**

Iba-ina ang sagot ng mga bata.

**Subukin mo**

1. Isang Puntos na Balangkas

Modernization ng PAGASA Nararapat na

- I. Kung bakit nararapat ang modernisasyon ng PAGASA
- II. Problema ng PAGASA
- III. Paano matutupad ang modernisasyon

2. Dalawang Puntos na Balangkas

Modernization ng PAGASA Nararapat na

- I. Kung bakit nararapat ang modernisasyon ng PAGASA
  - A. Para makapagbigay ng tamang lagay ng panahon
  - B. Nalalagay sa panganib ang buhay ng mga Pilipino.
- II. Mga naging problema ng PAGASA
  - A. Hindi na-tract ang bagyong Unding na nanalasa sa Oriental Mindoro.
  - B. Kawalan ng radar sa Bicol Region
  - C. Hindi sapat na bilang ng radar na gamit ng PAGASA
- III. Paano matutupad ang modenisasyon
  - A. Pagkilos ng mga mambabatas
  - B. Pagbibigay ng sapat na alokasyon sa PAGASA para ito ma-modernized